

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Itinataguyod ng Brampton ang patas na pagpopondo ng Pederal at Lalawigan para hikayatin ang pagbabago at Masiguro ang kinabukasan ng Lungsod

BRAMPTON, ON (Marso 11, 2021) – Sa Biyernes, Marso 12, birtwal na makikipagpulong si Brampton Mayor Patrick Brown sa mga MP at MPP ng Brampton para itaguyod ang mga mahalagang prayoridad, para hikayatin ang pagbabago at masiguro ang kinabukasan ng Lungsod.

Ang pandemya ng COVID-19 ay nagpalaki sa kahalagahan ng mga mahalagang prayoridad ng Brampton, tulad ng pangangalagang pangkalusugan, transit at pagbangon ng ekonomiya. Sa pamamagitan ng mga konsultasyon bago ang pagbabadyet ng Pederal at Lalawigan, itinataguyod ng Lungsod ng Brampton ang napapanahon at patas na pagpopondo para masiguro ang agaran at pangmahabang panahon na mga rekisito ng Lungsod, habang naghahangad ng mahigpit na sosyohan at pagtutulungan.

Hiniling kamakailan ng Lungsod ng Brampton ang pagpapapahaba sa Kasunduan sa Muling Pagsisimula sa dulo ng 2021 at pinapasalamatan ang anunsyo kamakailan ng Lalawigan na \$150 M karagdagang pondo para makatulong sa mga transit system ng munisipalidad. Nagbubunga ito sa \$650 M na available pa rin sa mga munisipalidad hanggang Disyembre, na may ekstensyon hanggang Disyembre 2022, na ibibigay depende sa bawat kaso.

Gumagawa ng progreso sa pondo ng Pederal na na-secure noong 2020, hinihiling ng Lungsod ng Brampton ang pamumuunan sa estraterjik na mga proyekto sa transit na luntiang imprastraktura para makalikha ng mga trabaho at mabawasan ang greenhouse gas emissions, tulad ng maintenance ng bagong transit at pasilidad ng storage, at elektripikasyon nito at isang isang zero emissions fleet.

Ang agarang pagpopondo ng Lalawigan para mabigyang daan ang puwang sa pangangalagang pangkalusugan sa Brampton kung ihahambing sa iba pa sa Ontario, ay napakahalaga sa hanay ng mga serbisyong pangkalusugan kabilang ang: pag-iwas sa sakit at pagtataguyod ng kalusugan; mga programa ng komunidad at ng public health; pangangalaga sa bahay; mga serbisyo sa ospital sa Brampton Civic Hospital at Peel Memorial Centre for Integrated Health and Wellness.

May higit sa 700,000 residente, ang Brampton ay pansiyam na pinakamalaking Lungsod sa Canada na may diverse at mabilis na lumalaking populasyon. Nananatiling mahalagang prayoridad ang pagpapahusay ng skill para sa Lungsod ng Brampton para sa pag-unlad sa trabaho para mabuo ang kapasidad sa teknolohiya at mga industriyang nahihikayat ng inobasyon.

Kabilang sa mga highlight ng mga submisyon sa paunang badyet:

- Agaran at patas na pagpopondo sa pangangalagang pangkalusugan sa Lalawigan para mawakasan ang “gamot sa pasilyo” sa Brampton
- Pagpopondo ng Lalawigan para sa Riverwalk para ma-unlock ang downtown Brampton at suportahan ang sustenableng paglago at pag-unlad

- Pagpopondo ng Pederal para sa pangatlong maintenance ng transit at pasilidad ng storage para sa de-kuryenteng mga behikulong pang-transportasyon
- Suporta para sa inter-regional, higher-order transit network sa pamamagitan ng pamumuhunan sa proyekto sa Queen Street BRT
- Pamumuhunan sa ekstensyon ng Hurontario-Main Street LRT habang kinukumpleto ang pag-aaral na pagtatasang pangkapaligiran
- Pagpapabilis sa ekspansyon ng GO Transit rail at pondo para sa buong araw, two-way service sa Metrolinx
- Panlalawigang lehislayon para itatag ang BramptonU sa pamamagitan ng pagpasa sa Brampton University Act at pamumuhunan sa edukasyon matapos ang sekondarya at kritikal na inobasyon at imprastraktura ng teknolohiya

Para basahin ang mga submisyon sa paunang badyet, i-click [dito](#).

Mga Quote

“Ang dinagdagang pagtutulongan kasama ang ating mga partner sa pamahalaan ay susuporta sa ating pinagsamang pagbangon. Ang pandemya ng COVID-19 ay nagpatindi sa kritikal na pangangailangan para sa napapanahon at patas na pagpopindo para magiging tulay sa puwang sa pangangalagang pangkalusugan sa Brampton kung ihahambing sa iba pa sa Ontario. Iyan ang dahilan kaya itinataguyod natin sa Lalawigan ang bagong ospital na pang-emehersiyang pangangalaga at medikal na paaralan para sa ating lumalaking populasyon.

Napakahalaga rin sa kalusugan at kabutihan ng ating komunidad ay ang pagtiyak na tayo ay may madaling ma-access at sustenableng pampublikong transit. Dadalhin natin ito sa ating mga partner sa Pederal kapag hina-highlight kung gaano kahalaga ang kanilang suporta sa elektripikasyon ng maintenance ng transit at pasilidad ng storage para sa de-kuryenteng mga behikulo sa transportasyon sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isa sa pinakabata at pinaka-diverse na mga populasyon sa bansa. Sentral na naroroon sa kahabaan ng Innovation Corridor na may handang access sa GTHA talent pool at markets, pinagsama sa pagiging available ng madedebelop na mga lupain, ay nagpapahali-halina sa lungsod sa mga negosyo at mga mamumuhunan. Inaasahan ng Lungsod ng Brampton ang patuloy na pakikipagtulongan sa ating mga partner sa Pederal at Lalawigan para bigyang kahulugan itong bagong dekada para sa ating lungsod, para sa Ontario, at para sa Canada.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng higit sa 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Gurvinder Singh
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-2028 | Gurvinder.A.Singh@brampton.ca